

# Iulat ang Pagkamuhi/Diskriminasyon

Ipinarating ng mga miyembro ng komunidad sa Washington State Commission on Asian Pacific American Affairs (CAPAA) ang mga insidente ng pagkamuhi na bumibiktima ng mga nagmula sa lahing Asian at Pacific Islander (API) sa panahon ng pandemya sa COVID-19. Sa kasamaang palad, hindi nangangasiwa ng ganitong mga kaso, o nakapagbibigay ng legal na tagapayo ang CAPAA. Hinihikayat namin ang lahat ng biktima ng mga nakamumuhing kilos na isagawa ang sumusunod na aksyon:

**Humungi ng tulong medikal, kung kinakailangan.**

**Isulat ang lahat ng detalye ng krimen sa lalong madaling panahon pagkatapos ng insidente.**

Isama ang kasarian, edad, taas, lahi, timbang, pananamit, at iba pang natatanging katangian ng salarin. Kung nagkaroon ng anumang pagbabanta o kinikilingang komento, isama ang mga ito sa ulat.

**Gumawa ng ulat.** Iulat ang insidente sa iyong lokal na alagad ng batas. Kung ayaw ng biktima na pumunta sa pulos, magsumite ng ulat sa lokal na Task Force ng mga Karapatang Sibil/Karapatang Pantao sa inyong lugar). Kahit pa hindi nakatutugon ang isang insidente sa legal na kahulugan ng isang hate crime, mahalaga pa ring iulat ito sa angkop na awtoridad. Sumangguni sa impormasyong nakalista sa ibaba,

Madalas na may lugar kung saan maaaring iulat ang mga nakamumuhing gawain at diskriminasyon kabilang, ngunit hindi limitdo sa, mga sangguniang nakalista sa ibaba:

- [Washington State Human Rights Commission](#)  
Sa ilalim ng batas, lahat ay may karapatang maging malaya mula sa diskriminasyon sa trabaho, sa pabahay, sa pampublikong matutuluyan, o kapag humihingi ng credit or insurance. Maaaring mag-file ng pagsasakdal ang sinumang indibidwal na naniniwalang nakaranas siya ng diskriminasyon batay sa protektadong estado ng ur laban sa mga employer, tagapagbigay ng pabahay at mga negosyo.
- [King County Office of Civil Rights](#)  
May kapangyarihan ang opisina ng ito na pangasiwaan lamang ang mga reklamo ng diskriminasyon para sa pamahalaan ng King County at para sa mga employer, tagapagbigay ng pabahay, at mga negosyo na nasa labas na bahagi ng King County (labas ng mga lungsod.)
- [Seattle Office for Civil Rights](#)  
Itinataguyod ng opisina ng ito ang mga batas na pumoprotekta sa iyo laban sa panggigipit na diskriminasyon sa pabahay, trabaho, o mga pampublikong lugar sa loob ng limitasyon ng lungsod ng Seattle.
- [Spokane Police Department: Pag-uulat ng mga Krimen sa Pagkamuhi at Pagkiling](#)  
Naglalaman ang page na ito ng impormasyon kung ano ang hate crime, at kung paano ito iuulat.
- [City of Spokane's Human Rights Commission](#)  
Ito ang angkop na pakikipag-ugnayan kung nakatira ka sa Lungsod ng Spokane. Nagalaman ang page ng impormasyon tungkol sa iba't ibang uri ng reklamo.

- [Spokane County Human Rights Task Force Form ng Pag-uulat sa Insidente ng Pagkamuhi](#)

Ito ang angkop na pakikipag-ugnayan kung nakatira ka sa isang bahagi ng Spokane County.

Iulat ang insidente sa isa sa sumusunod na awtoridad para makatulong na ituro sa publiko kung ano ang nangyayari at humubog ng patakaran. Puwede kang pumunta sa:

- [Manindigan Laban sa Pagkamuhi](#)

Asian Americans Advancing Justice ang nagbabantay sa mga insidente ng pagkiling. Sa pamamagitan ng pagbabagi ng iyong naranasahan o nasaksihan, matuturuan mo ang publiko, mabibigyan sila ng kapagnyarihan, maipapakita ang mga tagapagbigay ng serbisyo kung saan mo kailanganng tulong, at patatagin ang pagsisikap ng adbokasiya para sa pagtugon at pag-iwas sa ma hate crime. Available ang mga form sa wikang Ingles, Chinese (tradisyonal at simplified), Korean at Vietnamese.

- [AAPI Form sa Insidente ng Pagkamuhi](#)

OCA – Nakatuon ang Asian Pacific American Advocates sa pagsusulong ng panlipunan, pampolitika, at pang-ekenomiyang kabutihan ng mga Asian Americans and Pacific Islander (mga AAPI). Makakatulong sa OCA – Asian Pacific American Advocates ang pagsusumite ng mga insidente ng pagkamuhi sa pamamagitan ng form na ito para bantayan ang pagkamuhi sa mga AAPI sa buong bansa.

- [Ang Pigilan ang Pagkamuhi sa AAPI](#)

Asian Pacific Policy and Planning Council (A3PCON) at Chinese for Affirmative Action (CAA) ang naglunsad sa sentrong ito ng pag-uulat para payagan ang mga miyembro ng komunidad na iulat ang mga insidente ng pagkamuhi na kanilang naranasan. Pananatiliing kumpidensyayal at ibabahagi lamang nang may pahintulot ang indibidwal na impormasyon, kabilang ang mga detalye ng personal na pagkakakilanlan. Sa kabuuan, gagamitin ang impormasyon para sa pagtulong, pagsusulong at edukasyon. Available ang mga form sa wikang Ingles, Vietnamese, Chinese, Korean, Khmer, Thai, and Japanese.

Panghuli, ang Human Rights Campaign (HRC) ay may patnubay para sa mga biktima ng mga hate crime:

[Ano ang Gagawin Kung Nabiktima Ka ng Isang Hate Crime.](#)